Fair Work Commission

# Fair Work Commission

Kami ay ang independiyenteng tribunal sa mga ugnayan sa lugar ng trabaho sa Australya. Tinutulungan namin ang mga empleyado at taga-empleyo na malutas ang mga isyu sa trabaho. Kabilang dito ang:



Hindi makatarungang pagkasisante



Pambu-bully



Sekswal na panliligalig



Diskriminasyon



Mga alitan hinggil sa mga karapatan sa lugar ng trabaho

Kami rin ay:

- nagpapasya kung ano ang pambansang minimum na sahod
- nagtatakda ng mga minimum na kondisyon sa pagtatrabaho para sa ilang mga manggagawa
- nag-aapruba ng mga kasunduan sa negosyo
- nangangasiwa sa mga rehistradong organisasyon, katulad ng mga unyon at mga organisasyon ng mga taga-empleyo.

Ang aming trabaho ay ang masuportahan ang madali, makatarungan, at naibabagay na ugnayan sa lugar ng trabaho para sa mga empleyado at taga-empleyo.

Para sa impormasyon tungkol sa suweldo, bakasyon at iba pang mga nararapat na matatanggap, bisitahin ang website ng Fair Work Ombudsman sa www.fairwork.gov.au

Fair Work Commission

# Paglutas ng mga isyu sa lugar ng trabaho

Kapag hiniling mo sa amin na lutasin ang isang isyu sa lugar ng trabaho, sinisimulan mo ang isang legal na proseso.

Kailangan mong punan ang isang form na nagpapaliwanag sa isyu. Pumunta ka sa 'Apply or Lodge' sa aming website. Ibabahagi namin ang iyong form sa taong kasangkot dito. Ibabahagi rin sa iyo ang kaniyang form.

Sisikapin naming matulungan kayong magkasundo sa isang solusyon.

Kung hindi kayo nagkasundo, maaari mong hilingin sa amin na magpasya ng kahihinatnan para sa iyo. Para kang nasa isang pagdinig sa korte. Ang aming desisyon ay may bisa sa batas.

## Tulong sa iyong wika

Maaari mong gamitin ang Translating and Interpreting Service (TIS) para tawagan kami.

Interpreter

Tumawag sa
**131 450**
Ito ay libreng serbisyo.

Sabihin sa opereytor:

- ang iyong wika — upang maikonekta ka nila sa isang interpreter
- ang aming pangalan — Fair Work Commission
- ang aming numero ng telepono — 1300 799 675

Maaari rin naming asikasuhin na mabigyan ka ng isang interpreter kung kailangan mong makilahok sa isang pulong o isang pagdinig.

# Libreng payo sa batas

Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapasya kung ano ang gagawin, mayroon kaming libreng serbisyong pambatas para sa mga empleyado at maliliit na negosyo. Hanapin ang 'Workplace Advice Service' sa aming website.

Makakatulong ang serbisyo na maresolba ang mga hindi patas na pagkasisante, diskriminasyon, pambu-bully at sekswal na panliligalig sa trabaho.